

## Mga Panukalang Hakbang ukol sa State of Emergency

Ang Prepektura ng Gifu ay may panukalang hakbang tungkol sa State of Emergency upang maiwasan ang paglaganap ng sakit na COVID-19.

### ●Unang Hakbang: Pagbabago sa mga pagkilos ng mga mamamayan

- (1) Mga dapat na pag-iingat sa mga lugar ng may peligro gaya ng kainan at inuman.
  - Mangyaring iwasan ang mga sumusunod na nakasaad araw man o gabi o habang kumakain sa loob o labas ng bahay.
    - Kakain sa mga kainan bukod sa pamilya o partner
    - Kakain sa mga kainan ng mahabang oras
    - Pakikipag-usap na malakas ang boses habang kumakain o umiinom ng alak
    - Hindi pagsuot ng mask habang nakikipag-usap sa mga kainan o inuman at iba pa.
- (2) Iwasan lumabas kung hindi importante (Araw man o gabi, lalo na mula alas 8:00 ng gabi)
- (3) Iwasan ang pagpunta sa ibang prepektura kung hindi naman importante
  - Iwasan pumunta lalo na ang mga prepektura na nagdeklara din ng State of Emergency gaya ng (Tokyo, Saitama Prefecture, Chiba Prefecture, Kanagawa Prefecture) Aichi Prefecture at ang Kansai Area( Osaka, Kyoto, Hyogo Prefecture).

### ●Pangalawang Hakbang: Pakiusap sa mga Business owners

- (1) Mahigpit na pagpapatupad sa mga negosyo ng kainan na mayroon serbisyo ng alak ang maikling oras ng serbisyo.

- Oras ng Serbisyo: hanggang alas 8:00 ng gabi (pinaikling oras)
- Sa mga lugar ng may serbisyo ng alak: 11:00am ~ 7:00pm (pinaikling oras)
- Petsa ng pagpapatupad: Enero 12 ~ Pebrero 7 (27 araw)
- Cooperation Payment ( Bayad sa kooperasyon ): 1,080,000 yen

- (2) Hakbang para sa mga aktibidad sa paaralan
  - Sa mga nakatira sa dormitoryo ng paaralan
    - Bawasan o itigil kung maaari ang mga aktibidad na may mataas ng peligro ng impeksyon gaya ng mga aktibidad na may malapitan distansya, eksena na malapit sa isa't-isa, o aktibidad na malapitan ang pag-uusap.
    - Mahigpit na pagpapatupad ng mga hakbang upang maiwasan ang impeksyon sa loob ng dormitoryo ng paaralan gaya ng ( pagsusuot ng mask, hugasan ang kamay ng maigi, iwasan ang 3 C's, pagbabawal sa pagtitipon ng kainan o inuman. Mangyaring pag-isipan din ang pansamantalang pagsara ng mga klase sa eskwelahan.
- (3) Limitahin ang mga events o pagtitipon
  - Mahigpit na iwasan ang mga peligro ng impeksyon gaya ng (closed spaces, crowded spaces, close-contact). Iwasan ang mga lugar na mga pagtitipon na may 3 C's.
- (4) Pagpapatupad ng work at home o pagkakaroon ng shifting na oras sa trabaho upang mabawasan ng 70% ang pagkakasabay-sabay ng mga tao na pumapasok sa trabaho